Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao

**Dibisyon ng may Kapansanan sa Pag-unlad**

NEBRASKA
Good Life. Great Mission.

# Pag-access sa Therap

## para sa mga Kalahok at mga Tagapag-alaga

Ang Therap ay isang web-based na sistema ng pamamahala ng kaso na ginagamit ng Dibisyon ng may Kapansanan sa Pag-unlad o (DD) ng Nebraska at Mga Serbisyo ng Waiver para sa Nakabatay sa Tahanan at Komunidad na Medicaid o (HCBS) para sa dokumentasyon.

Mula Hulyo 16, 2018, ang mga kalahok, legal na tagapag-alaga at iba pa sa kahilingan ng kalahok / tagapag-alaga, ay maaaring humiling ng isang username at password upang ma-access ang Therap. Ang mga kalahok ng mga Serbisyo ng Waiver ng HCBS ay makakakita ng impormasyon na nauugnay sa kanila mula sa lahat ng kanilang mga tagapagbigay ng serbisyo.

Ang pag-access na ito ay read-only o mababasa lang (walang maaaring ipasok o mabago) at ang mga module lamang na nakalista sa ibaba ang makikita. Mangyaring tandaan na hindi lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang gumagamit ng lahat ng mga module. Ang mga module na may salungguhit lamang ang dapat idokumento sa Therap at makikita ito ng lahat ng kalahok.

| | | |
|---|---|---|
| Mga Paunang Utos* | Porma para sa Datos Pang-emerhensiya | <u>Datos ng ISP</u> |
| Mga Tipanan at Pagsubaybay sa Kalusugan | <u>Porma para sa Indibidwal na Datos</u> | <u>Mga Programa ng ISP (Mga Programang Tumutulong sa Pag-unlad ng Kasanayan o Habilitation)</u> |
| Mga Kaganapan sa Asal | Pangunahing Pahina ng Indibidwal | Talabuan ng Personal na Pag-aaral* |
| Mga Plano sa Asal at Pagsubaybay | <u>Indibidwal na Plano ng Suporta o (ISP)*</u> | Ligtas na Komunikasyon o (SComm) |
| <u>Mga Awtorisasyon sa Badyet/Serbisyo*</u> | Mga Paksa ng ISP* | |

Bilang kinakailangan upang maibigay ang username at password, ang Therap access request form at ang pirmadong dokumento ng pahintulot sa pagbubunyag ng impormasyon ay kailangang sagutan at isumite sa pamamagitan ng email sa DHHS.DDTherapAccess@nebraska.gov o sa pamamagitan ng koreo:

Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao
Dibisyon ng may Kapansanan sa Pag-unlad
Attn: Therap Access
P.O. Box 98947
Lincoln, NE 68509-8947

Naglabas ang Therap ng mga gabay na magtuturo kung paano gamitin ang mga module nito. Ang mga dokumentong ito ay maaaring makita sa website ng Therap para sa mga kalahok at mga tagapag-alaga na matatagpuan sa: https://help.therapservices.net/app/nebraska-individuals-guardians. Naglalaman din ang website ng mga link patungo sa iba't ibang mapagkukunan, gaya ng FAQs o Live Help, na matatagpuan sa ilalim ng Troubleshooting menu, upang magbigay ng karagdagang suporta. Ang online Live Help ng Therap ay gumagabay sa gumagamit na mag-log in. Kapag nakapasok na sa Therap, makikita ang link patungo sa Live Help sa pinakailalim na bahagi ng pangunahing screen.

Kung may mga katanungan tungkol sa kung paano humiling ng access, mangyaring i-email ang inyong mga tanong sa DHHS.DDTherapAccess@nebraska.gov o makipag-ugnayan sa inyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ng DD.

Ang Porma ng Datos ng Indibidwal ay maaaring ilagay ng alinman sa inyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo o ng inyong Tagapagbigay ng Serbisyo.

Kung may tanong kayo tungkol sa impormasyong nakikita ninyo sa Therap at ito ay bahagi ng mga module na may * sa itaas, makipag-ugnayan sa inyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ng DD. Kung may mga katanungan tungkol sa impormasyon sa alinmang modyul, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong Tagapagbigay ng Serbisyo.